

ANG IYONG INTRODUKSYON SA
Pr **TRAZIMERA**[®]
(trastuzumab)



Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang TRAZIMERA

Puwedeng maging hamon ang pagsisimula ng bagong paggamot – na dahilan kung bakit mahalagang humingi ka ng tulong. Ang TRAZIMERA brochure na ito ay dinisenyo dahil diyan mismo: para tumulong na masuportahan at mabigyang-alam ka tungkol sa gamot na inireseta sa iyo.

Tiyaking basahin ang brochure na ito upang malaman ang tungkol sa TRAZIMERA, at tandaang itabi ito sa lugar na madaling makita para matulungan kang mas maunawaan ang paggamot at kung paano makakayanan ang iyong kondisyon. Gayundin, maging tapat sa inyong sarili at sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung kumusta kayo, at makipag-usap sa kanila kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa inyong plano sa paggamot.

Para saan ginagamit ang TRAZIMERA?

Ang TRAZIMERA ay isang gamot para sa kanser na ginagamit para pabagalin ang paglaki ng mga espesipikong selula ng kanser sa suso na naglalabas ng maraming protinang HER2. Ginagamit lang ito para sa mga pasyenteng may mga tumor na mas mabilis na lumalaki kaysa sa karaniwan dahil sa henetikong problema sa mga selula. Nangyayari ito sa humigit-kumulang na 25 hanggang 30% ng mga tumor ng kanser sa suso.

Kung nagreseta ang iyong doktor ng Perjeta® (pertuzumab) at chemotherapy drug na docetaxel bilang katambal ng TRAZIMERA, dapat mo ring basahin ang mga leaflet para sa mga gamot na ito.

Kailan dapat gamitin ang TRAZIMERA?

Puwedeng gamitin ang TRAZIMERA ng mga pasyenteng may mga selula ng tumor ng kanser sa suso na naglalabas ng maraming HER2 protein.

Ginagamit ang TRAZIMERA para sa:

- ilang partikular na pasyente na may maagang yugto ng kanser sa suso:
 - kasunod ng operasyon at pagkatapos ng chemotherapy; o
 - kasunod ng operasyon at may taxane at carboplatin chemotherapy
- mga pasyenteng may kanser sa suso na kumalat sa ibang bahagi o organ ng katawan



Paano gumagana ang TRAZIMERA?

Ang TRAZIMERA ay kabilang sa isang pamilya ng mga gamot na tinatawag na monoclonal antibodies. Ang monoclonal antibodies ay may kakayahang kumapit sa mga protina sa mga selula ng kanser.

Kumakapit ito sa mga HER2 receptor sa selula ng kanser, at gumagana ito para tumulong ito na patigilin ang paglaki ng mga selula ng kanser at posibleng sirain ang mga ito.

Anong mga format ang makukuha para sa TRAZIMERA?

Ang TRAZIMERA ay available bilang sterile powder na muling ibabalik sa orihinal na anyo gamit ang isang panunaw.

- 150 mg vial ng TRAZIMERA
- 440 mg vial ng TRAZIMERA

Ang vial stopper ay hindi ginawa gamit ang natural na gomang latex.


Paano ko matatanggap ang TRAZIMERA?

Ibibigay ang TRAZIMERA bilang isang intravenous (IV) infusion (sa pamamagitan ng karayom na ipinapasok sa isang ugat sa braso o kamay).

Gaano kadalas akong makakatanggap ng TRAZIMERA?

Ibibigay sa iyo ng iyong rehistradong nurse ang iyong dosis ng TRAZIMERA sa regular na mga agwat na sasabihin ng iyong doktor (kadalasang tuwing 3 linggo).

Sa unang pagkakataon na ibibigay ang TRAZIMERA infusion, tatagal ito nang humigit-kumulang 90 minuto. Kung maayos mong makakayanan ang infusion na ito, ang mga susunod na infusion ay maaaring mas mabilis na, kadalasang mga 30 minuto.



Dedepende sa iyong tugon ang panahon ng gamutan ng TRAZIMERA at kung gaano ang itatagal nito. Susubaybayan ng iyong doktor ang iyong pagtugon at magpapasya kung ilang round ng paggagamot ang matatanggap mo.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang dapat kong malaman bago ko gamitin ang TRAZIMERA?

Huwag gamitin ang TRAZIMERA kung allergic ka sa trastuzumab, mga protina ng Chinese Hamster Ovary cell, o sa alinman sa mga sangkap nito.

Kung nagreseta ang iyong doktor ng Perjeta® (pertuzumab) at chemotherapy drug na docetaxel bilang katambal ng TRAZIMERA, dapat mo ring basahin ang mga leaflet para sa mga gamot na ito.

May bahagyang impluwensya ang TRAZIMERA sa kakayahang magmaneho at gumamit ng mga makinarya. Posibleng makadama ng pagkahilo at antok sa panahon ng gamutan gamit ang TRAZIMERA. Kung may maranasan kang hindi ninanais na epekto kaugnay ng infusion (gaya ng pangangati, humuhuning paghinga, pagkahilo, o mabilis na tibok ng puso) hindi ka dapat magmaneho o magpatakbo ng makinarya hanggang lubusang malunasan ang mga sintomas.

Para makatulong na maiwasan ang mga side effect at matiyak ang wastong paggamit, makipag-usap sa iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan bago gumamit ng TRAZIMERA

Talakayin ang anumang kundisyon o problema sa kalusugan na maaaring mayroon kayo, kabilang kung kayo ay:

- nagkaroon na ng masamang reaksiyon sa TRAZIMERA, benzyl alcohol, o alinman sa mga hindi aktibong sangkap
- allergic sa iba pang gamot, pagkain, at tina/pangkulay
- umiinom o gumagamit ng anumang iba pang gamot, kabilang ang mga hindi inireseta ng iyong doktor
- may anupamang sakit o karamdaman, gaya ng mga problema sa puso, sakit sa puso, problema sa paghinga o sakit sa baga; puwedeng mas malaki ang panganib sa pagkakaroon ng mga problema sa puso sa mga matatandang pasyente at sa maagang yugto ng kanser sa suso at sa kanser sa suso na kumalat na sa ibang bahagi o organ ng katawan;
- posibleng lumaki ang panganib na magkaroon ng sakit sa baga kung gumamit ka ng mga gamot sa chemotherapy na mapanira para sa mga baga
- nagamot na gamit ang mga gamot para sa chemotherapy (lalo na ang mga anthracycline gaya ng doxorubicin, epirubicin o mga nauugnay na gamot gaya ng mitoxantrone) o gamutang gumagamit ng radiation
- buntis, may planong magbuntis o nagpapasuso ng anak. Pakitandaang may naobserbahang pag-unti ng dami ng amniotic fluid para sa mga buntis na nakakatanggap ng trastuzumab
- nahihirapang huminga kahit nagpapahinga lang

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang mga posibleng side effect ng TRAZIMERA?

Hindi lang ito ang lahat ng posibleng side effect na puwede mong maramdaman kapag gumagamit ng TRAZIMERA. Kung makaranas ka ng anumang side effect na hindi nakalista rito, makipag-ugnayan sa iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Posibleng mayroong mga hindi ninanais na epekto ang lahat ng gamot. Makipag-usap sa iyong doktor, nurse o pharmacist kung nag-aalala ka tungkol sa mga side effect o kung nakakaabala sa iyo ang mga iyon, at iulat agad ang anumang bago o hindi nawawalang sintomas sa iyong doktor. Masasabi sa iyo ng iyong doktor kung ano ang dapat gawin at maaaring makatulong sa iyo tungkol sa mga side effect na ito.

Nangyayari ang mga hindi ninanais na epekto sa unang infusion o agad-agad pagkatapos nito. Kadalasang hindi nagtatagal ang mga epekto pero maaaring kailangan pa ring gamutin. Maaaring ihinto ang infusion, at puwedeng muling ituloy at/o ibigay nang mas matagal.

Kasama sa mga hindi ninanais na epektong ito kaugnay ng infusion ang:

- Pangangati
- Humuhuning paghinga
- Pagkahilo
- Mabilis na tibok ng puso

Maaaring mapigilan ang mga hindi ninanais na epektong ito ng paggamit ng ilang partikular na gamot bago ang susunod na infusion ng TRAZIMERA.

Sa mga klinikal na pag-aaral, ang pinakakaraniwang hindi ninanais na epekto ay lagnat at pangangaligkig, pagduruwal, pagsusuka, pagtatae, kirot, at pananakit ng ulo. Madaling magagamot ang mga sintomas. Maaaring mapigilan ang ilang hindi ninanais na epekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang partikular na gamot bago ang TRAZIMERA.

Ang mga hindi gaanong pangkaraniwang hindi ninanais na epekto ay:

- Pangangapos ng hininga at pagkaipon ng tubig, na mga sintomas ng mga problema sa puso. Dulot ang mga ito ng isang epekto sa kalamnan ng puso na nagbabawas sa lakas ng pagbomba ng puso. Mas karaniwan ang hindi ninanais na epektong ito sa mga babae na dati nang sumailalim sa anthracycline chemotherapy (hal. doxorubicin, epirubicin). Maaaring mag-iba-iba ang kalalaan ng paghina ng puso bilang resulta ng paggamot ng TRAZIMERA at puwedeng mangailangan ng paggamot gamit ang mga gamot sa puso at/o baka kailangang ihinto ang paggamot ng TRAZIMERA.

- Pangangapos ng hininga, sobra-sobrang pagkapagod, o mabilis na tibok ng puso, na mga sintomas ng anemia. Dulot ito ng pansamantalang pagbaba ng dami ng mga pulang selula ng dugo.
- Maaaring magpataas sa iyong panganib na magkaroon ng impeksyon at pagtatae ang pansamantalang pagbaba sa dami ng mga puting selula ng dugo.

Ang hirap sa paghinga, sobra-sobrang pagkapagod at pagbaba ng timbang ay karaniwang nakikita sa sakit sa baga.

Tumawag agad sa iyong doktor kung mapansin mo ang alinman sa mga sumusunod:

- Pangangapos ng hininga
- Lumalang pag-ubo
- Pamamanas ng mga binti bilang resulta ng pagkaipon ng tubig
- Pagtatae – kung mayroon kang dagdag na apat na pagdumi bawat araw o anumang pagtatae sa gabi
- Mga sintomas ng impeksyon kung saan kasama ang:
 - Lagnat (temperaturang 38°C o higit pa)
 - Masakit na lalamunan
 - Pag-ubo
 - Anumang pamumula o pamamaga
 - Kirot sa pag-ihi
- Mga sintomas ng reaksiyon sa allergy kung saan kasama ang:
 - Pagsasara ng lalamunan
 - Pamamaga ng labi o dila
 - Mga tagulabay
 - Pantal
 - Pagkahilo
 - Mabilis na tibok ng puso

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga posibleng side effect ng TRAZIMERA, sumangguni sa Package Insert na ibinigay ng team na nangangalaga sa kalusugan mo.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Mga seryosong babala at pag-iingat



MGA PAGKAKAMALI NG GAMOT

May panganib na magkaroon ng mga pagkakamali ng gamot sa pagitan ng TRAZIMERA (trastuzumab) at Kadcyła® (trastuzumab emtansine). Siguraduhin sa healthcare provider na ang inirerekomendang dosis ng TRAZIMERA (trastuzumab) at HINDI ang dosis ng Kadcyła (trastuzumab emtansine) ang ginamit.



CARDIOTOXICITY (PINSALA SA PUSO)

Ang TRAZIMERA ay maaaring magresulta sa pagkakaroon ng mga problema sa puso kasama na ang paghina ng puso. Ang paglitaw ng paghina ng puso ay maaaring maantala at puwedeng mangyari pagkatapos makumpleto ang paggagamot gamit ang TRAZIMERA. Sa maagang yugto ng kanser sa suso, ang insidente ng cardiac dysfunction (hindi wastong paggana ng puso) ay mas mataas sa mga pasyenteng nakatanggap ng trastuzumab kasama ng chemotherapy kumpara sa chemotherapy lang, na may mas mataas na panganib kapag ibinigay ang trastuzumab kasama ang taxane kasunod ng anthracycline at cyclophosphamide. Sa mga pasyenteng may kanser sa suso na kumalat sa iba pang bahagi o organ ng katawan, ang insidente at lala ng cardiac dysfunction ay partikular na mataas sa mga pasyenteng nakatanggap ng trastuzumab kasabay ng anthracyclines at cyclophosphamide.

Dapat mong ipasuri ang paggana ng iyong puso sa iyong doktor bago at habang sumasailalim sa gamutan gamit ang TRAZIMERA.



MGA REAKSYON SA INFUSION; MGA PROBLEMA SA BAGA

Nagkaroon ang ilang pasyente ng malulubhang reaksiyon sa infusion at problema sa бага; may naiulat na nagdulot ng kamatayan ang mga reaksiyon sa infusion. Kadalasan, nangyayari ang mga reaksiyong ito habang o sa loob ng 24 na oras pagkatanggap ng trastuzumab. Dapat na pansamantalang ihinto ang iyong TRAZIMERA infusion kung makaranas ka ng pangangapos ng hininga o napakababang presyon ng dugo. Susubaybayan ka ng iyong doktor hanggang sa mawala ang mga sintomas na ito. Kung mayroon kang malalang reaksiyon sa allergy, pamamaga, mga problema sa бага, pamamaga ng бага, o malubhang pangangapos ng hininga, maaaring kailangan ng iyong doktor na lubusang ihinto ang iyong gamutan gamit ang TRAZIMERA.



TOXICITY SA FETUS (HINDI PA NAISISILANG NA SANGGOL)

Puwedeng makasama ang TRAZIMERA sa fetus (hindi pa naisisilang na sanggol), sa ilang kaso, pagkamatay ng fetus, kapag ginamit ng isang babaeng buntis. Kailangan ng mga babaeng puwedeng mabuntis na gumamit ng mga epektibong pamamaraan ng pagkontrol ng pagbubuntis habang sumasailalim sa gamutan gamit ang TRAZIMERA at sa loob ng 7 buwan pagkatapos ng gamutan. Dapat ihinto ng mga inang nagpapasuso na ginagamot gamit ang TRAZIMERA ang pagpapasuso o kaya ay ihinto ang TRAZIMERA.

Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at sabihin sa team na nangangalaga sa kalusugan mo kung mayroon kang mga ikinababahalang tungkol sa iyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang anumang gusto ninyong talakayin sa inyong pangkat sa alinman sa ilang susunod na pagpapatingin ninyo.

1.

2.

3.

4.

5.

6.

7.

8.

9.

10.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa team na nangangalaga sa aking kalusugan

Pangalan: _____ # ng telepono: _____

Pangalan: _____ # ng telepono: _____

Pangalan: _____ # ng telepono: _____

Pangalan: _____ # ng telepono: _____

Pangalan: _____ # ng telepono: _____

Pangalan: _____ # ng telepono: _____



Maaaring makatulong ang suporta

Maaaring makatulong ang suporta na i-navigate ang inyong karanasan sa paggamot. Kung gusto ninyong sumali sa isang grupo ng suporta, magtanong sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroong ganito sa inyong lugar.

Mga karagdagang madudulugan

Canadian Cancer Society

Ang Canadian Cancer Society (CCS) ay isang pambansa at nakabase sa komunidad na organisasyong nagbibigay ng impormasyon at mga pansuportang serbisyo sa mga pasyente at pamilyang apektado ng kanser.

Ang online na komunidad ng CCS – Cancerconnection.ca – ay isang lugar kung saan maaaring magbahagi ang mga pasyente at pamilya na naapektuhan ng kanser ng kanilang mga karanasan at bumuo ng mga sumusuportang ugnayan. Kahit nasaan ka pa, puwede kang kumonekta sa iba online at malaman na hindi ka nag-iisa.

Bisitahin ang www.cancerconnection.ca o www.cancer.ca, o tumawag sa 1-888-939-3333

Breast Cancer Society of Canada

Ang Breast Cancer Society of Canada ay isang nakarehistrong pambansang non-profit na kawanggawa na nakatuon sa pagliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagsasaliksik para sa pag-diagnose, paggagamot, at pag-iwas sa kanser sa suso.

Bisitahin ang www.bccsc.ca o tumawag sa 1-800-567-8767

Rethink Breast Cancer

Ang Rethink Breast Cancer ay nagdadala ng tahasan at kinakailangang kaalaman para tulungan ang isang bagong henerasyon ng mga kabataan at maimpluwensyang tagasuporta para sa kanser sa suso at, ang pinakamahalaga, tumutugon sa mga natatanging pangangailangan ng mga batang kababaihan na may kanser sa suso.

Bisitahin ang www.rethinkbreastcancer.com o tumawag sa 416-220-0700

Canadian Breast Cancer Network

Ang Canadian Breast Cancer Network ay nagsisikap na isaboses ang mga pananaw at alalahanin ng mga pasyente ng kanser sa suso sa pamamagitan ng edukasyon, mga aktibidad ng adbokasiya, at pagsusulong ng pagbabahagi ng impormasyon.

Bisitahin ang www.cbcn.ca o tumawag sa 1-800-685-8820

Ang mga iminumungkahing madudulugan sa pahinang ito ay hindi nagpapahiwatig ng pag-endorso ng o pagkakaugnay sa mga third party na organisasyon at para lang sa pagbibigay ng impormasyon. Walang responsibilidad ang Pfizer sa content ng mga site na hindi Pfizer.



Pfizer Liaison

Programa ng Suporta sa Pasyente

Ikinokonekta kayo sa mga resource na sumusuporta sa inyong paggamot at umaakma sa pangangalagang ibinibigay ng inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan

- Pagsiyasat at pagtatasa ng reimbursement
- Koordinasyon ng mga benepisyo sa seguro
- Pinansiyal na tulong*
- Impormasyon tungkol sa paggamot

Para magpatala sa Pfizer Liaison, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, 1-844-533-0150; fax, 1-844-533-1151; o email, pfizerliaison@rxinfinity.ca



Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa mypfizer.ca

* Hindi magagarantiyahan ang pinansyal na tulong.

Mga sanggunian:

1. Monograph ng Produktong TRAZIMERA®. Pfizer Canada ULC. 2021.
2. Health Canada. Mga biosimilar biologic drug sa Canada: Dokumento ng katotohanan. Available sa <https://www.canada.ca/en/health-canada/services/drugs-health-products/biologics-radiopharmaceuticals-genetic-therapies/applications-submissions/guidance-documents/fact-sheet-biosimilars.html>. Na-access noong Setyembre 16, 2020.



Ang TRAZIMERA® ay isang rehistradong trademark ng Pfizer Inc. Ginagamit sa ilalim ng lisensya.
Ang Perjeta® ay nakarehistrong trademark ng F. Hoffmann-La Roche AG, na ginagamit sa ilalim ng lisensya.
Ang Kadcyla® ay nakarehistrong trademark ng F. Hoffmann-La Roche AG, na ginagamit sa ilalim ng lisensya.
© 2022 Pfizer Canada ULC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

